

Chapter One



Tarah didn't have much. Ang tanging ipinamana sa kanya ng pumanaw niyang ina ay ang kanilang bahay na nakaangat mula sa lupa—isang tree house. Iwas demolisyon.

Malas nga kasi sila. Sa edad niyang beinte dos ay apat na beses na silang nakalipat, palagi kasing nade-demolish iyong mga natitirhan nila. Dahil sa pagod na sa kapipiket at kalilipat ay nagpatayo na lang ang kanyang ina ng tree house sa isang bakanteng lote sa Pasig.

Kung siya nga ang tatanungin, mukhang hindi rin ligtas sa demolisyon. Kung magdedesisyon ang may-ari ng lupa na ipaputol ang puno, tumba sila. Pero limang taon na sila rito at wala namang nagpapalayas. Nagpatayo pa nga sila ng palikuran sa baba, malapit sa hagdan.

Nagpahukay rin sila ng poso para may magamit silang tubig. Tahimik nga kung tutuusin ang naging buhay nila rito dahil nga siguro may kahoy na bakod na nagkukubli sa kanila mula sa kalsada kaya iwas-usyoso at walang nanggagambala dahil nga nandoon daw sa Amerika ang may-aring si Miss Dolorica Ruiz.

Noong nabubuhay pa ang nanay ni Tarah ay nag-aalaga ito ng manok at saka pabo. Ipinakatay na niya lahat dahil wala na siyang oras mag-alaga. Abala rin kasi siya sa trabaho niya bilang assistant ng isang graphic designer sa isang printing press. May certificate siya sa drafting at gusto sana niyang makapag-aral ng Fine Arts

kaso wala talagang pera. Maliit lang ang sahod niya.

Tumunog ang cellphone ni Tarah na nakapatong sa lamesa. Si Lalaine ang tumatawag.

“Oy, bruha, may nabasa akong invitation dito sa Internet para sa mga amateur na mga pintor. Art contest siya na sponsor ng *Embassy of Portugal*. Ang mananalo raw, ipapadala sa Portugal para sa isang art scholarship.”

Agad siyang napatayo dahil sa narinig. “Wow! Totoo? Ano mga rules? Ano mga ipapasa? Kaka-excite naman. Sa Portugal pa talaga, ha!”

“Magpasa raw tayo ng mga original artworks natin. Sa March 25 na ang deadline! Ihatid daw natin sa embassy.”

“Okay, sige! Punta tayo!”

Punong-puno nga ng paintings ang maliit niyang dampa. May painting ng babaeng nagbabalat ng santol, babaeng naglilinis ng kuko, babaeng nagluluto ng kakanin, babaeng sumasayaw, babaeng nagbebenta ng isda, babaeng naghahasa ng itak, babaeng nagsusuklay, babaeng nagbabantay ng anak... *Puro babae!*

Napaisip si Tarah kung ano ang ipapasa sa patimpalak. Siguro ang babaeng nagbabalat ng santol. Kinuha niya iyon mula sa dingding at ibinalik sa painting stand para i-retouch. Gusto niya pang dagdagan ng shadow ang mukha at braso ng babae.

Heto na ang pag-asa niya. Sino ang makapagsasabi? Baka ang painting niya ang mapili. Makakapunta siya sa Europe pag nagkataon.



Apat na paintings ang nakasabit sa opisina ni George

Ontario. Dalawang Amorsolo na binili ng kanyang namayapang lolo sa Christie's Auction sa Hong Kong, isang Manansala na namana niya mula sa ina at isang Magsaysay-Ho na nabili naman niya mula sa isang kaibigan.

Kahit noon pa man ay patron na ang kanilang pamilya ng mga Filipino artists. Marami na ring mga pintor na Pinoy ang kanilang nabigyan ng grant. Maraming alagad ng sining dito sa bansa ang naghihikahos dahil sa kawalan ng suporta mula sa gobyerno, at sa mga kapwa Filipino na rin, kaya naglalaan talaga sila para sa Sining Pinoy.

Tumunog ang cellphone ni George. Ang kaibigan niyang si Miguel De Barros iyon, isang Portuguese diplomat.

“Hello, George! We’ll be having an art contest in April. I want to invite you to be one of the judges. Got time?”

“No problem, Migz! Are you free this weekend? Let’s play golf.”

“Sure!”

“Okay! See you at the club!”

Nang matapos ang usapan nila ay siyang pagdating ni Architect De Guzman bitbit ang plano ng mga warehouses na ipapatayo niya sa Pasig.

“Simple lang ang design, just the way you like it,” sabi ng architect. “Eight buildings.”

“This is okay. Mukhang kukulangin ang lupa natin. I’m planning to buy the adjacent lot para lumaki. We have already contacted the lot owner at positive naman ang response niya.”

“Mabuti naman.”

Nang matapos ang pag-uusap nila ng arkitekto ay tinawagan ni George ang kausap na broker kung kumusta na ang usapan nito at ni Dolorica Ruiz, ang may-ari ng katabing lupa.

“It’s a yes, Mr. Ontario. Uuwi raw ang pamangkin niya sa Pilipinas at kayo na raw ang mag-usap.”

“Okay, Mr. Hilario. Thank you.”

Natuwa siya sa balita. Kailangan niya talagang mabili ang lupa sa lalong madaling panahon.



Sa *Megamall* nagkita sina Tarah at Lalaine, bitbit ang mga paintings nilang nakabalot ng manila paper at plastic. Mula roon, sumakay sila ng taxi papunta sa embassy ng Portugal.

“Miss, sasali sana kami sa art contest n’yo,” sabi ni Lalaine sa receptionist. “Yong *Friendship in Art*.”

Isang mabait na ngiti ang ibinigay sa kanila ng receptionist. Sinabihan sila nito na puntahan ang office ni Mr. De Barros, ang sekretarya raw nito ang tumatanggap ng submission. Itinuro sa kanila ang second glass door, doon daw sila pumasok.

Naabutan nila ang sekretarya na nag-aayos ng application ng isa ring pintor. Umupo muna sila para hintayin ang kanilang turn. Nang matapos ang lalaki ay lumapit sila sa sekretarya para humingi ng forms. Nag-fill out sila, at dinikitan iyon ng kani-kanilang litrato.

“Just make sure your contact numbers are correct,” sabi ng sekretarya. “Kapag napasok kayo bilang finalists, tatawagan namin kayo. Pag hindi napili, ibabalik rin naman namin.”

Nang matapos ay nagpasalamat na sila at nagpaalam sa sekretarya.

Gusto sana nilang manood ng sine kaso walang mga pera kaya nag-window shopping na lang. Nang mapagod ay nagpasya na silang umuwi.

Sinagupa si Tarah ng kaba nang makita ang dalawang lalaki sa baba ng kanyang bahay. Nakasuot ng Amerikana at mukhang hinihintay siya.

“Hello!” bati ng mas matanda sa dalawa. “I’m Atty. James Joaquin. I’m here to talk to you. Nabili na kasi ng kliyente ko ang lupa na ’to from Miss Dolorica Ruiz. We have to demolish everything here to put up warehouses.”

Ito ang balitang pinakakinatatakutan niyang marinig. Nanlamig siya, hindi alam ang sasabihin. Kailangan ba niyang magmakaawa? Pero sa lamig ng mukha ng dalawa, parang hindi rin maaawa.

“I hope you can leave next month so we can start clearing the area,” sabi nito bago sinenyasan ang kasama na aalis na ang mga ito.

Naiwan siyang napahawak sa kawayang barandilya ng hagdanan dahil nawalan ng lakas ang mga binti niya. Paano na siya ngayon? Wala siyang kapamilya. Wala siyang mapupuntahan.

Umakyat si Tarah ng hagdan para makatuloy sa loob. Umupo siya sa sofa at doon napaluha.



Inaantok si George dahil wala pa siyang tulog ngunit wala siyang tigil sa pagtapos ng mga papeles na dapat pag-aralan. May board meeting sila bukas at nangangalahati pa lang siya kaya wala siyang planong matulog mamayang gabi.

Tinawagan niya ang accounting head kung tapos na nito ang report sa earnings nila sa import ngayong taon. Tinatapos pa raw nito. Napailing na lang siya.

“Sir, Atty. Joaquin is here,” sabi ng sekretarya.

Sinenyasan niyang papasukin ito.

“Nasabihan ko na ang squatter doon sa site that she needs to leave soon,” sabi ng abogado nang nakaupo na sa harapan niya. “Nagulat ako. She’s living in a tree house.”

“I’ll be giving her a check para naman may panggastos siya kapag lumipat,” sabi ni George.

“Sige, ako na lang ang magbibigay sa kanya.” Hindi rin nagtagal ang abogado. Nagpaalam na ito agad umalis.



Isang paper lantern ang nagsisilbing ilaw sa bintana ng tree house. Romantic, sa totoo lang. Puwede na ngang tema ng isang painting: Isang malungkot na bahay na nakayakap sa puno na umaawit ng kanta ng pag-asa isang gabing madilim.

Iyon nga lang, walang romantic sa napipintong eviction at sa illegal na jumper connection na nagbibigay ilaw sa dampa.

Tiningnan ni Tarah ang repleksyon niya sa salamin at malungkot na napangiti. Maganda siya ngayong gabi. Lalong pinatingkad ng purple na cocktail dress ang maputi niyang balat na minana niya sa inang ipinanganak sa Olongapo. Sundalong Amerikano ang ama nito, na hindi nito nakilala.

Bilog na bilog ang mga mata niya at maganda ang hugis ng labi. Marami ang nag-eengganyo sa kanya na sumali sa modeling pero ayaw niya.

Narinig niyang may nag-iingay sa baba. Dumungaw siya, siguradong si Lalaine iyon.

Napasama kasi siya sa finalists sa art contest ng embahada ng Portugal, si Lalaine hindi pinalad, pero kailangan niya ng makakasama sa awarding kaya nagbihis din ito.

“Wow! Sexy, ah!” sigaw niya sa babaeng dahan-dahang umaakyat sa hagdan sa takot na madulas. Ang taas kasi ng takong.

“Oi, ang sexy mo rin, ah!” sabi ni Lalaine. “Baka mamaya may mabighani sa ’yong diplomat doon!”

“Hay, sana nga! Kailangan ko ng house and lot, ’no!” Naglagay siya ng perfume sa leeg bago sinenyasan ang kaibigan na bumaba na sila para makahanap ng taxi.

Hawak-kamay silang naglakad dahil medyo maputik ang kanilang nilalakaran. Nalilibing ang mga takong nila sa lupa.

Sumakay sila ng taxi at nagpahatid sa hotel kung saan ipro-proclaim ang winner.

Marami nang tao sa lugar nang dumating sila. Kinilig si Lalaine dahil maraming foreigners. Pangarap kasi nitong makapag-asawa ng foreigner para magkaroon ng magagandang anak.

“Gusto ng mga ’yan exotic-looking!” sabi nito, bakas ang excitement sa tinig. Morena si Lalaine, Filipinang-Filipina ang ganda. Seksi pa, matangkad, at ang confidence ay umaapaw kaya attractive talagang tingnan. Nang makasalubong nga nila ang isang may-edad na puti ay binigyan nito ng isang malanding ngiti.

Hindi siya mahilig sa foreigner dahil ayaw niya sa mapuputi. Gusto niya purong Pinoy.

Lumapit sila sa registry table para magpalista ng kanilang pangalan. Pagkapasok ay agad silang dumerecho sa exhibit area kung saan may sampung paintings na nakapuwesto sa gitna. Masaya ang pagtitipon, may live band na tumutugtog, at isang Bohemian singer ang umaawit ng mga Earth songs habang sumasayaw ang bughaw na liwanag sa katawan nito.

“May laban ang painting mo, 'Day!’” sabi sa kanya ni Lalaine habang tinitingnan nila ang paintings ng mga katunggali niya.

May landscapes, may portraits, may abstract, may moderno at may classical style. Modernist ang istilo niya ng pagpinta.

“Sana nga manalo ako para hindi na ako mamroblema ng mauuwian.”

Pumuwesto sila sa isang cocktail table, nakisalamuha sa mga bisita. Nakasama nila sa lamesa ang dalawang bakla. Isa roon si Herbert na finalist din ng patimpalak. Ang paintings nito ay iyong may isang bangka na pilit na lumulutang sa isang magulong dagat.

“Ang guwapo talaga ni George Ontario!” kilig na kilig na sabi ni Herbert habang nakatingin sa isang matangkad na Pinoy na nakikipag-usap sa isang foreigner.

Napatingin din si Tarah dahil siya ang sinasabihan ng baklang katabi. Parang nabasa na niya minsan sa newspaper ang pangalang George Ontario. Siguro sa business section o baka sa entertainment bilang ex o boyfriend ng isang model o artista. Hindi na niya maalala.

Pero guwapo nga ang lalaki. Hindi sobrang guwapo. Iyong tamang-tamang guwapong Pinoy—kayumangging balat, hindi sobrang tangos na ilong.

Ayaw niya sa lalaking sobrang tangos ng ilong. Natatapangan siya sa mukha. Itong George Ontario na ito, super type niya.

Tumingin ang lalaki sa direksyon nila. Binigyan niya ng sobrang tamis at sobrang lapad na ngiti, ngunit mukhang dumaplis lang sa direksyon nila ang mata dahil bumalik agad sa kausap ang atensyon nito.

“Yong boss kong abogada type na type niya ’yan,” kuwento ni Herbert. “Kaso nga lang parang masyadong busy si Sir para magkaroon ng lovelife.”

“Siya ba ’yong naging boyfriend ng sikat na host ng isang lifestyle show?” tanong ng kaibigan ng bakla na si Pol. “Di ba parang magpapakasal sana sila ’tapos natuklasan nilang hindi pala properly annulled ’yong dating kasal n’ung host d’un sa isang politician. ’Tapos nagkalabo-labo na... hindi na natuloy ang wedding of the year.”

“Korak! Siya ’yon! Nagkalabo-labo dahil maldita raw ang philanthropist na ina ni Mr. George. Nang matuklasan ang problema sa annulment, sabi raw ni Madam Ontario sa anak, ‘I told you so! That girl is trouble!’ ”

Napailing si Tarah sa narinig. Kung may isang bagay man na ayaw niyang magkaroon, iyon ay ang isang atrebidang mother-in-law.

Sayang. Guwapo pa naman itong si George Ontario. Pero kahit siguro mabait ang ina nito ay hindi rin siya papatulan ng lalaki.

Napatingin siya sa gilid niya. Nawawala si Lalaine. Saan na kaya pumunta ang babaeng iyon? Inilibot niya ang tingin. Hindi niya makita ang bruha. Mag-uumpisa pa man din ang programa. Hinihinaan na ang music. Paano

kung siya ang mapili? Kailangan niya nang magpi-picture sa kanya para remembrance.

“Ladies and gentlemen, good evening!” sigaw ng magandang emcee sa gitna.

Pinatugtog ang national anthem ng Pilipinas at ng Portugal. Pagkatapos, nagbigay ng opening speech ang ambassador ng Portugal.

Nakaramdam ng kaba si Tarah. Todo-todo talaga ang dasal niya na manalo sa patimpalak na ito.

Ito na lang talaga ang pag-asa niya para makatakas sa problema niya.

“Again, I want to congratulate all finalists. You are all winners,” pagtatapos ng ambassador.

“Now, it’s time to announce our winners.” Itinaas ng emcee ang envelope.

Pati sina Herbert at Pol ay natahimik din.

“Our first runner up goes to... Daniel Juanito!”

Nagpalakpakan ang lahat. Isang pandak na lalaki ang pumunta sa gitna para tumanggap ng P50K na tseke. Naramdaman ni Tarah ang pagpapawis ng mga palad niya. Eto na...

“And the winner of the Friendship in Art competition is—Herbert Suarez.”

Napatili ang mga bakla sa tabi niya. Napabuntong-hininga na lang si Tarah. Burado na ang tangi niyang pag-asa, pero napapalakpak siya sa suwerte ni Herbert. Dapat maging masaya siya sa suwerte ng iba.

Rumampa papunta sa gitna ang bakla at ma-poise na tinanggap ang tseke nitong P100K at scholarship grant.

Mag-enjoy na lang siya. Tinawag ni Tarah ang waiter at kumuha ng kopita ng alak sa tray dahil walang ganito

sa kalye nila. Nakadalawa siya. Nakatatlo. At nang makaapat ay medyo lumilipad na siya.

Napapahalakhak na siya sa mga kuwento ni Herbert tungkol sa mga naging boyfriend nitong Arabo nang magtrabaho sa Middle East dati. Na-gang bang nga raw ito sa disyerto.

Nang makaramdam ng jingle ay nagpaalam muna si Tarah sandali para makapunta sa CR.

Nang makatapos ay malapad ang ngisi niyang bumalik sa mesa, at dahil nga medyo may tama na ay natapilok siya. Napatili sina Herbert at Pol dahil papabagsak siya ng bongga sa sahig...

Ngunit may isang brasong sumalo sa kanya.

“Easy, pretty one!” ang sabi ni George Ontario.

Pakiramdam niya nangagising ang lahat ng kalamnan niya nang makita ang guwapong mukha ng lalaki. Hindi siya agad nakaimik dahil sa gulat.

Dahan-dahan siyang itinayo ni George. Habang niyayapos ng braso nito ay amoy na amoy niya ang pabango nito. Parang matitisod siya uli sa kilig.

“Are you okay now?” tanong nito.

Isang tango ang tangi niyang naisagot.

Isang tapik ang ibinigay nito sa kanyang balikat bago siya iniwan.

Namumungay ang mga mata niya habang papabalik sa mesa.

“Panalo ka, 'Day!” tili ni Herbert. “Kahit papaano nayakap mo si George Ontario! Ayy, kainggit!” Itinulak siya nito at muntik na siyang mapasubsob.

Lasing na siya. Kailangan na niyang umuwi.